AHA! LEARNING CENTER'S
ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

**WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL**
**Aralin 66**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 66** |
|---|
| Theme: Mga Pamahiing Pilipino - Ang Umiiyak Na Itim Na Pusa |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**ANG UMIIYAK NA ITIM NA PUSA**

**WRITING PROMPT LESSON 64**

---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan at dudugtungan! Handa ka na bang makilala ang pusang itim na umiiyak? Tara!

**II.Writing Prompt of the Day**
Habang naglalaro sa inyong sala, narinig mo ang isang iyak. Kinabahan ka dahil alam mong namalengke ang iyong nanay, ang tatay naman nasa trabaho na. Si Kuya naman ay nasa kanyang kwarto naglilinis. Matapos mong patatagin ang iyong loob, tumayo ka mula sa iyong pagkaka-upo at inimbestigahan kung sino o ano ang umiiyak. Pagdating mo sa kusina, nakita mo ang isang pusa. Umiiyak ito at puno nang luha ang mata.

Tinanong mo kung bakit ito umiiyak. Ayon sa kanya, tinatawag daw siyang malas ng mga tao at minsan daw ay binabato ng bagay-bagay upang mapaalis… Ituloy ang iyong kwento tungkol sa itim na pusang umiiyak.

•Bakit kaya malas daw ang mga itim na pusa? (Maaaring magtanong sa magulang o kasamang nakatatanda upang malaman ang lumang kasabihan)
• Maniniwala ka ba sa kasabihan ng mga nakatatanda tungkol sa pusang itim? Bakit?
•Kung ikaw ang pusang itim, anong mararamdaman mo kung ikaw ay sabihang malas?
•Dapat ba nating husgahan ang itsura ng iba  base sa mga sabi-sabi ng mga tao?
•Anong maipapayo mo sa pusang itim upang tumigil ito sa pag-iyak?

**III.Teacher's Message**
Anong iyong masasabi sa pusang itim? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."